


SENIOR HIGH SCHOOL

# **Filipino sa Piling Larang (Akademik) Ikalawang Markahan Modyul 10 Pagtukoy sa Katangian ng mga Sulating Akademiko**



**Filipino sa Piling Larang (Akademik)  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan- Modyul 10  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Catherine F. Alcantara  
**Katuwang na Manunulat:** Rosarie R. Carlos  
**Editor:** Rosarie R. Carlos  
**Katuwang na Editor:** Robert P. Martin  
**Tagasuri:** Rosarie R. Carlos  
**Tagaguhit:**  
**Tagalapat:** Raphael A. Lopez  
**Tagapamahala:** Wilfredo E. Cabral  
Arnulfo M. Balane  
Micah G. Pacheco  
Ma. Gloria G. Tamayo  
Dennis M. Mendoza  
Dr. Meliton R. Zurbano  
Filmora R. Caballero  
Jean A. Tropel  
Rosarie R. Carlos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph \* blr.lrpd@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

**Filipino sa Piling  
Larang (Akademik)  
Ikalawang Markahan  
Modyul 10  
Pagtukoy sa Katangian  
ng mga Sulating  
Akademiko**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 10 para sa araling Pagtukoy sa Katangian ng mga Sulating Akademiko!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pamprivadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 10 ukol sa araling Pagtukoy sa Katangian ng mga Sulating Akademiko. Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.



**Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



**Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



**Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



**Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



**Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



**Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang magsagot sa mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## Alamin


Ang modyul na ito ay idinisenyo upang ikaw ay matulungan na matamo ang mga kasanayang inaasahan sa kursong Filipino sa Piling Larang (Akademik). Tatalakayin dito ang katangian ng mga sulating akademiko- Abstrak, *Bionote*, Panukalang Proyekto, Talumpati, Posisyong Papel, Replektibong Sanaysay, *Pictorial Essay* at Lakbay-Sanaysay. Matutunghayan mo rin ang halimbawa ng mga ito na maaari mong maging gabay sa pagkilala sa mga kangian ng bawat isa.

Ang modyul na ito ay nahahati sa mga sumusunod na paksa:

1. Katangian ng Abstrak
2. Katangian ng *Bionote*
3. Katangian ng Panukalang Proyekto
4. Katangian ng Talumpati
5. Katangian ng Posisyong Papel
6. Katangian ng Replektibong Sanaysay
7. Katangian ng *Pictorial Essay*
8. Katangian ng Lakbay-Sanaysay

Pagkatapos mong sagutan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Natutukoy ang katangian ng sulating akademiko **CS\_FA11/12PB-0m-o-102**



## Subukin

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang katangian ng akademikong sulatin na inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Nakapupukaw ito ng kaisipan at damdamin dahil sa kawili-wiling paglalahad ng katuwiran o paliwanag.
- \_\_\_\_\_ 2. Simple at malinaw ang mga salita, kaisipan at pagpapaliwanag na ginagamit sa pagpapabatid ng nilalaman ng akda.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagsasaad ito ng tumpak at mapanghahawakang mga pahayag o detalye.
- \_\_\_\_\_ 4. Sinisikap nitong mapapaniwala ang mga tagapakinig sa tulong ng mga inilalahad na katuwiran o kaisipan.
- \_\_\_\_\_ 5. Nag-aanyaya itong magsuri at makalikha ng mga bagong pananaw at nag-iiwan ng kakintalan sa isip ng mga mambabasa.
- \_\_\_\_\_ 6. Inilalahad ang mga kaisipan nang may maayos na pagkakasunod-sunod mula simula hanggang wakas.
- \_\_\_\_\_ 7. Maikli ngunit komprehensibo ang pagpapabatid ng pangkalahatang nilalaman ng sulatin.

- \_\_\_\_\_ 8. Ang mga kaisipang inilahad ay walang kinikilingan at may pinagbatayan.
- \_\_\_\_\_ 9. Ito ay nagtataglay ng mga impormasyong makadaragdag sa kaalaman ng mga mambabasa.
- \_\_\_\_\_ 10. Naipaliliwanag nang mabuti ang mga kaisipan o mga konsepto.

direkta	impormatibo	kawili-wili	malinaw
mapagkakatiwalaan	mapagmuni	mapanghikayat	obhetibo
organisado	payak	personal	

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa Modyul 10 na tayo at inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa araling ito.

<b>Aralin</b> <b>10</b>	<b>Pagtukoy sa Katangian ng mga Sulating Akademiko</b>
----------------------------	--



***Balikan***

**Panuto:** Magsaliksik ng halimbawa ng *Bionote* hinggil sa isang personalidad na nagkaroon ng kontribusyon sa pagharap ng ating bansa sa krisis na dulot ng *COVID-19*. Isa-isahin ang mga katangiang nakapaloob sa sulatin at ang paliwanag sa mga ito sa sagutang papel.

Katangian	Paliwanag





### ***Mga Tala para sa Guro***

Isa sa mga gampanin natin bilang guro ang matulungan ang mga mag-aaral na makapagbahagi ng kanilang samo't saring karanasan at saloobin. Ang pagtukoy sa mga katangian ng sulating akademiko ay makatutulong nang lubos upang epektibong maipabatid ang mga mensaheng nakapaloob dito.



### ***Tuklasin***

#### **Gawain 1**

**Panuto:** Magtala ng 3 bagay o gawain na malaya mong nagagawa noon na hindi mo na maaaring gawin sa kasalukuyan dahil sa nararanasan nating pandemya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

#### **Gawain 2**

**Panuto:** Basahin at unawain ang bahagi ng isang teksto at sagutin ang pagsasanay hinggil dito sa sagutang papel.

Abril 21, 2017, umaga pa lang ay naligo na kaming lahat sa dagat dahil aalis na rin kami sa Pagudpod bago magtanghalian. Makikita man sa mukha ng bawat isa ang pagod ay naroon pa rin ang kasiyahan dahil sa iba't ibang karanasan sa bawat paglalakbay. Muli na naman kaming naghanda sa isang malayong biyahe patungo sa Cauayan City, Isabela upang saglit na mabisita ang aming kamag-anak

na naroon. Walang katapusang mga puno at bundok yata ang aming nakita. Hatinggabi na ng kami ay nakarating sa bahay ng aking tiyahin. Masayang nagkumustahan ang lahat, nagkainan at sabay-sabay na ring natulog.

Abril 22, 2017, kinabukasan, hindi na pinalampas pa ng aking tiya na dalhin kami sa isa sa mga magagandang pasyalan sa kanilang lugar, ito ay sa Callao Cave na matatagpuan sa Peñablanca, Cagayan. Kinakailangang ihanda mo ang iyong sarili dahil medyo matarik at mataas ito pero kapag narating mo na ang tuktok, pakiramdam mo ay abot-kamay mo na ang langit. Matatagpuan sa kuwebang ito ang isang *chapel* na ang pinakagitna ay nasisinagan ng araw at ang mga *rock formations* na tunay na nakamamangha. Matatanaw mo rin mula sa itaas ang mga kabundukan na nasa harapan ng kuwebang ito. Talaga namang mawawala sa isip mo kung anoman ang iyong pinagdaraan kapag narating mo ang lugar na ito.

Halos pitong araw na paglalakbay na magkakasama kaming mag-anak, mahabang oras at kung tutuusin ay nakapapagod talaga ang maikling bakasyon na ito ngunit sa kabila ng lahat, hatid nito ay ang hindi mapapantayang kaligayahan-ang malalakas na tawanan, masasaya at hindi matapos-tapos na kuwentuhan at higit sa lahat ang mga alaalang kailanma’y hindi malilimutan...ang mga ito ang aming babalik-balikan lumipas man ang mahabang panahon.

**-Mula sa akdang “Biyaheng Norte”**  
ni Catherine F. Alcantara

Katangian: _____ Paliwanag: _____	Katangian: _____ Paliwanag: _____
<b>Uri ng Akda</b> _____	
Katangian: _____ Paliwanag: _____	Katangian: _____ Paliwanag: _____



## ***Suriin***

Ang pagsulat ay isang kasanayang nangangailangan ng masusing pag-iisip at pag-aaral. Mahalagang maunawaan na ang bawat akademikong sulatin ay may mga katangiang tinataglay na makatutulong upang maipahayag nang mabisa sa mga mambabasa o tagapakinig ang mga konseptong nakapaloob sa akda.

### **Katangian ng Abstrak**

1. **Direkta**-Maikli ngunit komprehensibong naipababatid ang pangkalahatang nilalaman ng pananaliksik.
2. **Mapagkakatiwalaan**-Nagsasaad ng tumpak at mapanghahawakang mga pahayag o detalye.
3. **Obhetibo**-Naglalahad ng mga kaisipang walang pagkiling at batay sa pananaliksik o pag-aaral.
4. **Payak**- Gumagamit ng simple, malinaw at tiyak na mga salita sa paglalahad ng pangungusap.

### **Katangian ng Bionote**

1. **Matapat**- Nagsasaad ito ng tunay at tiyak na detalye.
2. **Maikli**- Kinapapalooban lamang ng mahahalagang tala tungkol sa buhay ng isang tao.
3. **Payak**- Gumagamit ng mga salitang madaling maunawaan upang maipakilala ang sarili sa tuwirang paraan.

### **Katangian ng Panukalang Proyekto**

1. **Makatotohanan**- Tiyak na matatamo ang inilatag na panukala sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa *target* na panahon at *resources*.
2. **Tiyak**- Gumagamit ng direktang pahayag at tapat sa paglalahad ng mga kakailanganin sa pagsasakatuparan ng layunin o gawain.
3. **Mapanghikayat**- Nagbibigay ng impormasyon upang makahikayat ng positibong pagtugon.
4. **Pormal**- Gumagamit ng mga pormal na salita at seryoso ang tono.

### **Katangian ng Talumpati**

1. **Kaakit-akit**- Nakapupukaw ito ng kaisipan at damdamin dahil sa kawili-wiling paglalahad ng katuwiran o paliwanag.
2. **Mapagkakatiwalaan**- Ang mga impormasyong inilalahad ay batay sa mga pag-aaral o pananaliksik. Ang argumento ay sinusupportahan ng mga katibayan.
3. **Mapanghikayat**- Sinisikap nitong mapaniwala ang mga nakikinig sa pamamagitan ng mga katotohanang masasalamain sa talumpati.
4. **Organisado**- Maayos ang pagkakahayanay at may kaisahan ang mga konsepto o detalye.

### **Katangian ng Posisyong Papel**

1. **Tiyak na Paksa-** Naipaliliwanag nang malinaw ang isyung pinaninindigan.
2. **Malinaw na Posisyon-** Nailalahad nang mabisa ang panig sa pamamagitan ng mga datos o patunay.
3. **Mapanghikayat-** Nagbibigay ng matalinong pangangatuwiran batay sa mga ebidensiya upang makumbinsi ang mambabasa sa posisyong pinaniniwalaan.
4. **Angkop na Tono-** Isinasaalang-alang ang bigat ng isyu, target na mambabasa at layunin sa pagsulat upang maiakma ang gagamiting tono sa sulatin.

### **Katangian ng Replektibong Sanaysay**


1. **Mapagmuni-** Nag-aanyayang magsuri at makalikha ng mga bagong pananaw sa intelektuwal at emosyonal na lebel. Nag-iiwan ng kakintalan sa isip ng mga mambabasa.
2. **Organisado-** Sistematisiko at may kaisahan ang inilalahad na mga detalye mula sa introduksyon, katawan at konklusyon.
3. **Personal-** Nagtataglay ng mga patunay batay sa naobserbahan o katotohanang nabasa hinggil sa paksa. Isinusulat ito gamit ang unang panauhan.

### **Katangian ng Pictorial Essay**

1. **Tiyak na pokus-** May malawak na kabatiran hinggil sa paksa at ang mga larawang nakapaloob ay may kaugnayan sa iisang kaisipang nais bigyang-diin sa akda.
2. **Sariling likha-** Ang mga larawan, paraan ng paglalahad at pagbibigay-kahulugan sa mensaheng nais ipaabot nito ay mula sa sariling ideya.
3. **Organisado-** Nakaayos ayon sa lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga larawan at mga *caption*. Kinapapalooban ito ng malinaw, malaman at kawili-wiling panimula, katawan at wakas.
4. **May kalidad ang mga kuhang larawan** – Ang mga imahe ay tunay na nagpapahayag ng kahulugan o damdaming maaaring nakabatay sa kulay, ilaw at artistikong pagkakakuha.

### **Katangian ng Lakbay-Sanaysay**

1. **Kawili-wili-** Ang nilalaman ng akda ay nakapupukaw ng interes dahil sa masining na paglalahad nito.
2. **Personal-** Ginagamitan ito ng panghalip sa unang panauhan sapagkat ito ay mga tala ng pansariling kaisipan ng sumulat na batay sa kanyang tunay na nasaksihan o karanasan.
3. **Impormatibo-** Nagtataglay ng mga mahahalagang impormasyong makadaragdag sa kaalaman ng mga mambabasa.
4. **Payak na gamit ng wika-** Simple at malinaw ang mga salita, kaisipan at pagpapaliwanag na ginagamit sa pagpapabatid ng nilalaman ng akda.
5. **Organisado** - May maayos na pagkakasunod-sunod at nakapaloob din ang mga bahagi ng pagsulat ng sanaysay tulad nang may kawili-wiling simula, katawan at wakas.



## Pagyamanin

### Gawain 1

**Panuto:** Basahin ang halimbawa ng Replektibong Sanaysay at sagutin ang kaugnay na gawain sa ibaba. Gumamit ng sagutang papel.

### Guro sa Gitna ng Pandemya ni Catherine F. Alcantara

Sa pagtaas ng bilang ng mga kaso ng *COVID-19* sa ating bansa, Marso noong nakaraang taon ay isinailalim ang Luzon sa *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*. Marami ang naapektuhan ng pangyayaring ito lalo't higit nang biglang ipasara ang mga paaralan bilang tugon sa panawagan ni Pangulong Rodrigo Duterte ng *No Face-to-Face Classes*. Maagang natapos ang taong-panuruan 2019-2020 at hindi ko na muling nakita pa ang dati kong mga mag-aaral, kapwa guro at ang sintang paaralan.

Maraming pagbabago ang naganap. Ang maingay na paligid ay napuno ng nakabibinging katahimikan. Ang mga kalsadang dating abalang-abala dahil sa dami ng tao ay nagmistulang abandonado na. Ang mga pangkaraniwan at abot-kamay nating ginagawa noon ay nagmistulang suntok sa buwan na lamang ngayon. Lumipas ang mga araw at buwan, tulad ng iba ay nakadama rin ako ng pag-aalala para sa aking mga mahal sa buhay dahil sa mga balitang aking napanonood at napakikinggan. Ang mga agam-agam na ito ay bahagyang napawi nang magsimula na ang aming paghahanda sa nalalapit na pasukan dahil ayon sa Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Leonor M. Briones- "*Education must continue.*" Sa kabila ng pandemya, hindi raw maaaring huminto ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ito'y kanilang karapatan. Kaya't ang DepEd ay agad na kumilos upang matugunan ang pangangailangan naming mga guro at ng mga mag-aaral para sa bagong normal. Sa tulong ng aming paaralan at mga gurong bihasa sa teknolohiya, samo't saring palihan at pagsasanay ang aming nilahukan bilang paghahanda sa *distance learning*. Tunay na isang malaking hamon ang kinaharap ng mga gurong tulad ko sa pag-aaral ng mga *online platforms* at *applications*. Ngunit dahil mahal ko ang pagtuturo at malaki ang aking pagnanais na makasabay sa pagbabago sa edukasyon ay buong puso kong niyakap ang pag-aaral ng paggamit ng *Zoom*, *Google Classroom*, *Canva* maging a

ng paggawa ng *video lesson* upang matagumpay na maihatid ang pagkatuto sa mga mag-aaral sa *virtual* na pamamaraan.

Bagamat marami ang naging balakid gaya ng *internet connection*, *inconsistent* na bilang ng mga mag-aaral na dumadalo sa *online class*, kawalan ng *gadget* at kakulangan sa komunikasyon sa mga mag-aaral at magulang. Gayundin, sa mga nagkakasabay-sabay na gawain ay patuloy pa rin ang pagtupad namin sa tawag ng tungkulin. Sadyang masalimuot ang lahat ng pagbabago sa simula subalit ang kapalit naman nito ay biyaya ng karununganang siksik, liglig at nag-uumapaw.

Malaki ang responsibilidad ng bawat isa sa pagpapatuloy ng edukasyon. Sa gitna ng ating mga nararanasan, ang mga hamong ito ang magsisilbing daan upang

kaming mga guro ay maging matatag pang lalo na tagapagtaguyod ng karunungan. Patuloy na titindig, susulong at lalaban. Para sa bata, para sa bayan!

Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung masasalamín ang katangian ng Replektibong Sanaysay sa binasang akda at ekis (X) naman kung hindi. Patunayan.

<b>Katangian</b>	<b>(✓) o (X)</b>	<b>Patunay</b>
1. Malinaw		
2. Mapagmuni		
3. Organizado		
4. Personal		

## **Gawain 2**

**Panuto:** Basahin ang talumpati at sagutin ang tanong pagkatapos nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### **FILIPINO: WIKANG MAPAGBAGO**

ni Patrocinio V. Villafuerte

“Ang wika ay isa sa pinakamatibay na buklod na bumibigkis sa bayan at nagpapaunlad sa pagkakaisa ng mga pambansang mithiin, lunggati, at damdamin.” Ang pahayag na ito ay nagmula sa Ama ng Wikang Pambansa, si Pangulong Manuel Luis Quezon.

Magpahanggang ngayon, maraming taon mula nang hirangin ang Filipino bilang wikang pambansa, ay nakabuntot pa rin na parang madilim na anino ang iaang uri ng kalituhan sa maraming mamamayang Filipino sa kung ano nga bang hugis, mukha at anyo ng wikang pambansa. Kakambal sa ganitong uri ng pagkalito ang kapangyarihan ng wika bilang sentro ng komersyo, administrasyong pampolitika at akademya. Lito ang maraming Pilipino sa kasalukuyang hugis at topograpiya ng Filipino bilang wikang pambansa, sapagkat hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling nakakulong ang ating artikulasyon at eleborasyon sa mga limuting prinsipyo ng kabansaan, ng identidad, ng demokrasya at katarungang panlipunan. Pagtuloy pa ring lumalaganap ang pluralidad at dibersidad ng mga wika, kultura at kabihasan ng mga Pilipino. Sa puntong ito, mahalagang magkaroon ng matatawag nating tunay na wikang pambansa.

Tunay ngang napakahalaga ng pagkakaroon ng wikang pambansa ang isang malayang bansang may pagkakabuklod-buklod ng mga mamamayang maka-Diyos, makabayan, makatao, at maka-kalikasan. Wikang Filipino na instrumento sa mabisang pakikipagtalastasan at susi sa pagkamit ng pambansang kalayaan at katarungan. Wikang Filipinong natatangi dahil itinuturing na wika ng karunungan.

Ngunit ano nga ba ang kahulugan ng wikang Filipino? Kunin natin ang depinisyon ng Komisyon sa Wikang Filipino:

Ang wikang Filipino ay ang katutubong wikang ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at ng mga di katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang barayti ng wika para sa iba't ibang sitwasyon sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag.

Sa kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas na binubuo ng mahigit na pitong libong pulo, at mahigit na isandaang wika, mapalad tayo at nagkaroon pa rin tayo ng isang wikang matatawag na pambansa, ang wikang Filipino. Hindi naging balakid ang hiwa-hiwalay na mga pulo sa halip nakatulong pa nga ang mga ito upang pag-isahin ang mithiin ng mga Pilipino sa pagkakaroon ng wikang pambansa. Hindi ito malilimutan bilang bahagi ng ating kasaysayan. Katunayan, taon-taon ay ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Wika tuwing sumasapit ang buwan ng Agosto, at sa taong ito, ang pagdiriwang ay may temang “Filipino, Wikang Mapagbago.”

Walang katapusan ang pagbabagong nagaganap hindi lamang sa ating sarili kundi maging sa ating kinagisnang kultura, partikular sa ating minanang tradisyon. Nawala na o sadyang kinalimutan na ang mga sinaunang tradisyon ng ating bayan upang palutangin ang pagbabagong umiiral at lumalaganap sa bansa. Isa sa mga pagbabagong ito ay ang paggamit ng wikang Filipino.

Malaki ang pagbabagong nagaganap sa wikang Filipino lalo't nasa panahon tayo ng teknolohiya. Kung noong araw ay may mga katutubong wika tayong ginagamit gaya ng salumpuwit para sa silya o bangko ngayon; at ang salipawpaw na eroplano na ang tawag ngayon, napapasunod na ang mga tao sa paggamit ng mga salitang katutubo gaya ng payyew sa rice terraces na dating isinalin sa hagdan-hagdang palayan, maomag na katutubong tawag sa tarsier at butanding sa halip na pating o sea shark. Isipin na lamang na maging ang mga salitang ginagamit sa larang na ito ay naisasalin na sa Filipino gaya halimbawa ng e-mail na tinatawag na ngayong sulatroniko, ang charger ay pansablay na ang pagkakasalin.

Ang paggamit ng mga katutubong wika ay hindi lamang pagdaragdag ng mga salita sa kaban ng ating isipan kundi ito'y nagiging mabisang daan tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Hindi lahat sa atin ay nakapagsasalita nang mataas sa wikang Filipino. Ngunit karamihan sa atin bagamat hindi Tagalog ang Filipino, ang ating mga katutubong wika ay iisa lamang ang pinag-ugatan. Tagalog, Cebuano, Ilocano, Pangasinan, Bicol, Hiligaynon, Waray, Capampangan, Maranao at Maguindanao ay salik sa pagkakaroon ng pambansang identidad. Sa mga wikang ito nasasalamain ang ating mga mithiin, damdamin, pangarap, kaisipan at saloobin. Ito ang nagbibigay-daan sa atin upang maipahayag at maipalaganap ang ating pilosopiya at adbokasiya.


Sa anumang nagbabagong lipunan ay patuloy ang daloy ng inobasyon, na maaaring hiniram o inimbento ngunit hindi mapasusubaliang ito ay bahagi ng pagsulong at pag-unlad. Kailangang magbago ang wika habang ito'y patuloy na ginagamit, at ang tanging makapagpapabago rito ay tayong mga Pilipinong may angking talino at tapang sa pagsalubong sa napipintong hamon.

Naging mabisa ba ang paraan ng paghahatid ng mensahe? Ano-anong katangian ng talumpati ang masasalamain sa binasang akda? Patunayan.




## Isaisip

**Panuto:** Bumuo ng konsepto na iyong natutuhan sa aralin sa tulong ng mga susing salita na nakasulat sa *footprints*. Gumamit ng sagutang papel.



**Nabuong Pahayag:**



## Isagawa

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang iyong posisyon at paliwanag sa sumusunod:


Paksa	Posisyon/Paliwanag
1. Pagsasagawa ng <i>online class</i>	
2. Pagsusuot ng <i>face shield</i>	
3. Pagpapabakuna laban sa <i>COVID-19</i>	



Alin sa mga katangian ng posisyong papel ang masasalamain sa iyong mga naging kasagutan sa itaas? Ipaliwanag.

---


---



## Tayahin

**Panuto:** Ayusin ang mga ginulong letra upang matukoy ang katangian ng sulating akademikong inilalarawan sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

- \_\_\_\_\_ 1. Tumutukoy ito sa maayos na pagkakahanay ng mga konsepto o detalye. **(AAIOODGNRS)**
- \_\_\_\_\_ 2. Ginagamitan ito ng panghalip sa unang panauhan sapagkat ito ay mga tala ng pansariling kaisipan ng sumulat batay sa kanyang tunay na nasaksihan o karanasan. **(AOELNPRS)**
- \_\_\_\_\_ 3. Simple, malinaw at tiyak ang mga salita sa paglalahad ng pangungusap. **(AAKPY)**
- \_\_\_\_\_ 4. Ito ay nagtataglay ng mga mahahalagang impormasyong makadaragdag sa kaalaman ng mga mambabasa. **(AIIOBBMPRT)**
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga kaisipang inilalahad ay walang pagkiling at batay sa pananaliksik o pag-aaral. **(EIOBBHT)**
- \_\_\_\_\_ 6. Nag-iiwan ito ng kakintalan sa isip ng mga mambabasa. **(AAIUGMMNP)**
- \_\_\_\_\_ 7. Sa pamamagitan ng paglalahad ng makatotohanang detalye ay nais nitong mapapaniwala ang mambabasa. **(AAAAIGHKMNPTY)**
- \_\_\_\_\_ 8. Naipabatid nito ang pangkalahatang nilalaman ng akda sa paraang maikli ngunit komprehensibo. **(AEIDKRT)**
- \_\_\_\_\_ 9. Dahil sa masining na paglalahad nito kaya't nakapupukaw ng interes sa mga mambabasa. **(AIIKLW-IILW)**
- \_\_\_\_\_ 10. Naglalaman ito ng tumpak at mapanghahawakang mga pahayag o detalye. **(AAAAAAAIGKMLMNPTW)**




## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Basahin at unawain ang nilalaman ng halimbawa ng abstrak at sagutin ang tanong pagkatapos nito. Gumamit ng sagutang papel.

### ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay nauukol sa epekto ng mga estratehiyang motibasyunal sa pagbasang may pag-unawa. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang





# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. kawili-wili
2. payak
3. mapagkakatiwalaan
4. mapanghikayat
5. mapagmuni
6. organisado
7. direkta
8. obhetibo
9. impormatibo
10. malinaw

**Balikan**

Malayang Sagot

**Tuklasin**

Malayang Sagot

Gawain 1

Gawain 2

**Pagymanin**

Malayang Sagot

Gawain 1

Gawain 2

**Isaisip**

Malayang Sagot

**Isagawa**

Malayang Sagot

**Tayahin**

1. organisado
2. personal
3. payak
4. impormatibo
5. obhetibo
6. mapagmuni
7. mapanghikayat
8. direkta
9. kawili-wili
10. mapagkakatiwalaan

**Karagdagang Gawain**

Malayang Sagot

# ***Sanggunian***

## **Mula sa mga Aklat**

Bernales, Rolando A, et. al. (2017). *Filipino sa larangang akademiko*. Mutya Publishing House Inc. Malabon City

Julian A. B. at Lontoc N. (2016). *Pinagyamang pluma* (K-12). Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City

## **Mula sa Internet**

[https://cdn.onlinewebfonts.com/svg/img\\_357431.png](https://cdn.onlinewebfonts.com/svg/img_357431.png)

[https://cdn.onlinewebfonts.com/svg/img\\_363308.png](https://cdn.onlinewebfonts.com/svg/img_363308.png)

<https://hubpages.com/literature/How-to-Write-a-Travelogue>

<https://www.scribd.com/doc/49074525/Muling-Maging-Dakila>

## **Mula sa Social Media**

Villafuerte, Patrocinio V. (2021, Agosto 15). *Filipino: wikang mapagbago*. Facebook Messenger

## **Mula sa Tesis**

Alcantara, Catherine F. (2013). *“Epekto ng mga istratehiyang motibasyunal sa pagbasang may pag-unawa”*. Di-Nalathalang Tesis. Meycauayan College, Meycauayan, Bulacan

### **Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph \* blr.lrpd@deped.gov.ph